

Chapter

One

“Push mo lang iyang ginagawa mong ’yan, ’Te, at malapit ka nang mamatay...” mataray na sermon kay Abi ng best friend na si El o Ludwig. Katrabaho niya ito at apo ng kanyang landlady. “Konting-konti na lang. Bumangon ka nga at papalitan ko ng cover iyang nanggigitang hospital bed.”

Inalalayan siya nitong makatayo at pagkatapos ay bubulong-bulong na inayos ang higaan niya.

“Pag-out mo bukas ng umaga, bakla, huwag ka nang dumaan dito, ha,” biro ni Abi. “Nai-stress sa ’yo ang mga kasama kong pasyente.”

Apat ang kama sa ward na iyon at tatlo ang

occupied. Hindi kakayanin ng budget niya ang private room. Doctor's fee at medical expenses nga lang ay halos masaid na ang ipon niya.

She's still single at twenty-six with zero dependents, pero nag-aaral siya sa kasalukuyan at doon nakatuon ang buong savings niya, hindi sa hospital bill.

“May health insurance naman kasi, ayaw sulitin.”

“Para nga mas makatipid. Hindi naman one hundred percent sinasagot ng insurance.” Muli siyang humiga nang dahan-dahan para hindi mahila ang suwering nakatusok sa kamay. Mamaya lang aalis na si El dahil graveyard shift ito sa call center. Mag-isa na naman siya.

Sa nakalipas na siyam na taon mula nang lisanin ni Abi ang Aurora Province ay sina El at Lola Concha na ang naging pamilya niya. Si El ang naging katuparan ng younger *sister* na kanyang pinapangarap—transgender ito. Close sila kahit tatlong taon ang agwat ng kanilang edad at mas lalo pa silang naging malapit sa isa't isa nang magkasama sila sa trabaho.

“Ay! Nga pala, girl, pinapansin na ako ngayon ni Boss Marco mula n'ung bihira ka nang pumasok. Love it!”

Ang guwapo nilang account manager ang

tinutukoy nito. Since class opening last June ay hindi na siya full time employee. Apat na oras na lang siyang pumapasok araw-araw para magkaroon siya ng panahon sa pag-aaral.

Mabuti na lang at natapos muna niya ang final exams sa lahat ng subjects sa semestrong ito bago siya nagkasakit. May acute anemia si Abi, namana sa ama niyang namatay sa sakit na leukemia noong limang taong gulang pa lang siya. Patay na rin ang kanyang ina dahil sa komplikasyon sa puso noong ipanganak siya. Kaya napunta siya sa pangangalaga ng nag-iisang kapatid ng ama, si Elvira.

“Naku, iyung-iyo na ang Marco na ’yon. May asawa at anak na, hayagan pa ring manligaw.” Matagal na iyong nanliligaw sa kanya at kahit guwapo at mapera ay wala siyang balak sagutin. Hindi niya pinangarap maging kabit.

“Hmp, choosey ka pa. Eh, sinong bet mo, iyong childhood sweetheart mo pa rin? Mas ilusyunada ka pa sa bakla, sis,” anito bago umalis.

Call it illusion, fantasy, or even stupidity, wala siyang magagawa. Totoong hanggang ngayon ay nananatili pa rin sa puso ni Abi ang dating nobyo—si Matthew Romualdez.

Wala silang formal break-up pero malinaw pa sa

sikat ng araw na tapos na ang kabanata ng kanilang matamis na pag-iibigan noong pumayag siyang sirain ang magandang pangalan ng pamilya Romualdez.

She was forced to accuse his father of rape.

Para kay Abi, hindi nawala ang pag-ibig na iyon bagaman wala na ang taong pinag-uukulan niyon. Nanatili siyang tapat kahit walang katiyakang magbabalik si Matt o kung makikita man lang ba niya itong muli.

Sumubok siyang magmahal ng iba pero ayaw sumunod ng puso niya—parang takot iyong masaktan at takot mabisto ang lihim ng kanyang nakaraan.

Nailing na lang niyang inihatid ng tanaw ang kaibigan. Kahit paano, suwerte na ring maituturing na nakatagpo niya ang mag-lola. Hindi niya maisip kung anong kapalaran ang kinasadlakan niya noong naglayas siya kung hindi siya napadpad sa kalinga ng butihing matanda.

Laking probinsya si Abi at hindi pa nakatuntong ng Maynila nang lakas-loob niyang iwan ang pamilyang nagpalaki sa kanya para iligtas ang sariling buhay. Sa tulong ng kaunting perang iniabot sa kanya ng tiyahing si Elvira ay nakapagsimula siya ng bagong buhay dito sa lungsod, malayo sa tahimik pero mapanganib niyang buhay sa Aurora.

Nang huminto na noon ang sinakyang bus sa terminal nito sa Cubao ay naiyak na lang siya sa habag sa sarili. Hindi niya alam kung saan tutungo. Noon niya nakatagpo si Lola Concha. Eksaktong nagmamayari pala ito ng mga paupahang kuwarto kaya isinama na siya nito pag-uwi. Mula noon ay naging bahagi na siya ng pamilya ng matanda.

“Good evening, everyone!” Ang masiglang bati ng nurse on duty ang pumutol sa kanyang pagbabalik-tanaw. Pagkatapos nitong repasuhin ang kanyang health chart ay kinausap siya ng babae. “Kumusta ang pakiramdam, Miss Dizon?”

“Feeling better, Nurse Jean,” pagsisinungaling niya para payagan na siyang lumabas ng ospital. Sa bahay na lang siya magpapagaling.

“Good to hear that, dear, pero hindi ako naniniwala.” Pinitik-pitik nito ang hose na dinadaluyan ng IV fluid at pagkatapos ay kinuhanan siya ng body temperature at blood pressure. “Ang bilin ni Dra. Consuelo, you’ll undergo another blood transfusion if there are no signs of improvement until this morning. For the meantime, ise-sedate kita para hindi maistorbo ng kung ano ang pagtulog mo. Sweet dreams, Miss Dizon.”

Saglit lang at tila naparalisa ang katawan ni Abi

at nakaramdam siya ng antok. Pero gising pa ang kanyang diwa. Naririnig niya ang mga usapan sa paligid, hindi nga lang niya masyadong naiintindihan.

Kapag nagkakasakit siya noon, inaalagaan siya ni Tita Elinor. Wala kasi itong anak na babae kaya itinuring na siyang parang tunay na anak. Hindi niya ito biological aunt kundi mama ng kanyang classmate at BFF na si Melvin. Ina rin ni Matt.

Sa tuwing maaalala niya ang pag-aarugang iyon ay lalo siyang sinusurot ng konsyensya.

Namalayan niyang may mga dumating pang bisita kahit lampas na ang visiting hours pero pinayagan silang makapasok dahil kasama si Dra. Consuelo. Bago bumulusok sa kawalan ang kanyang malay ay naramdaman pa niyang may humaplos sa kanyang kamay at parang narinig niya ang boses ng kanyang si Matt.

Sweet dreams...

Huwag na sana akong magising.



“Sayang, hindi na natin inabutang gising ang pasyente, Mr. Romualdez. Bukas na ng umaga ang gising niya.”

“It’s fine, Dr. Consuelo. At least nalaman kong okay ang lagay niya,” sagot ni Matt.

Nang mag-report sa kanya ang inupahang detective at sinabi nitong natukoy na kung saan nakatira si Abigail Dizon ay wala siyang inaksayang oras at agad nilang pinuntahan ang address ng dalaga.

Dalaga. He felt an unconscious gladness upon learning that Abi remained single all these years. Siyam na taon ang nagdaan. At sa wakas ay natagpuan na niya ito. Mabuti ring siya ang naunang nakahanap dito sa halip na ang kalaban.

“Actually, she’s not that okay. Anemia *lang*, pero masyadong matagal bago siya maka-recover.”

Kahit may galit sa dating nobya ay naawa rin si Matt sa kalagayan nitong nag-iisa sa buhay. Marahan niyang hinaplos ang yayat nitong kamay habang pinagmamasdan ang mukha nitong halos wala nang kulay.

Parang may kung anong pumiga sa puso niya nang makita ang nakakahabag na kalagayan ni Abi. Bata pa lang ito ay sakitin na, hanggang ngayon pala ay ganoon pa rin.

Naging palaisipan sa kanya kung ano ang relasyon ni Abi kay Ludwig, ang pangalang binanggit sa kanya ng roommate ng dalaga. Kung nobyo, bakit hindi man lang ito makapag-leave sa trabaho para maalagaan ang nobya?

Gustong sakalin ni Matt ang lalaki sa pagwawalang-bahala nito sa kalagayan ni Abi. Samantalang siya noon, kapag nabalitaan niyang na-confine na naman sa ospital ang dalaga, umuuwi pa siya mula Maynila madalaw lang ito, sukdulang mag-absent siya sa klase.



“Kahit namumutla ka, maganda ka pa rin,” nakangiting saad ni Matt sa natutulog na dalaga. Hindi man lang nagising si Abi kahit nang ipalipat niya ito sa private ward.

He entwined their fingers as he gazed at her adoringly. Siguro kung hindi sila nagkahiwalay baka kasal na sila ngayon at may mga anak na. Apat na anak ang napagkasunduan nila. Dalawa lang talaga ang gusto niya; baka kasi hindi kayanin ni Abi ang marami dahil sadyang mahina ang katawan nito. Anim pa nga ang gusto nito, bagay na hindi niya sinang-ayunan kaya nagsalubong sila sa bilang na apat.

“Baka nga kahit isang anak hindi mo kayanin.” Naaawa niyang hinagod ng tingin ang payat nitong katawan pataas sa maamo nitong mukha. Kapag maayos ang kondisyon ng kalusugan ni Abi ay kulay rosas ang mga pisngi nito at ang mga labi ay parang palaging may bahid ng lipstick.

Natural na kulot ang dulo ng buhok nitong lampas balikat ngayon ang haba. Ang mga mata nito ay tila palaging may sinasabi, parang nakangiti. Kaya sa mata pa lang ay nahahalata na niya kaagad kung malungkot ito o may galit at tampo sa kanya.

She's a head-turner. Kahit sinong tumingin dito ay tiyak na mapapaligon muli. Kaya nga nahalina siya sa kagandahan nito. Kahit payat si Abi, she had all the right curves in all the right places.

Alam ni Matt dahil pinahintulutan siya ng dalaga na makita iyon, mahawakan ito. Karangalan niyang siya ang unang nakatuklas niyon. Pinigilan nga lang niya ang sariling tuluyang angkinin ang nobya dahil menor de edad pa noon si Abi at baka hindi pa ito handa sa mga makamundong bagay. He was five years older and it would have been easy for him to seduce her but he didn't because he truly loved and adored her.

He was her first boyfriend and he wanted to be the last that's why he promised to marry her when she reached eighteen. Pero hindi na iyon nagkaroon ng katuparan dahil tadhana na mismo ang humadlang. Umalis si Abi nang walang paalam, ni hindi humingi ng tawad o paumanhin sa nagawang kasalanan.

Sino ang hindi magagalit sa ginawa nito? Noon pa

man ay gusto na niya itong sumbatan. Huwag nang isiping magkasintahan sila, iyon na lang pagmamahal at concern na ibinigay ng mga magulang niya rito, bakit nagawa pa rin nitong akusahan ng rape at idemanda ang papa niya? Maiintindihan niya pa kung may katotohanan ang mga akusasyon nito, pero—

Binitiwang ni Matt ang kamay ng dalaga nang maramdamang nag-vibrate ang cellphone sa bulsa ng suot niyang polo. “Melvin, what’s up?” matamlay niyang bungad. Nitong mga nakakaraang araw ay madalas silang magkasagutan. Masyado na ang obsesyon ni Melvin na manalo sa nalalapit na halalan si Uncle George, ang bunsong kapatid ng kanilang ama.

“Kuya, ako ang dapat magtanong sa iyo niyan. Ano na’ng balita? Nahanap na ba ng mga tauhan mo si Abi?” Halata ang pagkayamot sa tinig nito.

Bago sumagot ay sinulyapan muna ni Matt ang nakahigang dalaga. Hindi pa niya ito napapatawad sa kasalanan pero hindi rin naman niya kayang ipagkanulo.

“Wala pang balita. Huwag kang mag-alala, may lead na ang mga tao kong inupahan. Hindi magtatagal makikita rin natin siya.”

“Kailan pa? Baka maunahan na tayo nina Henares.

Nang matunugan nilang ipinapanap natin ang pamangkin nilang traidor, kumilos na rin sila.”

“Ang akala ko ba pinatira nila sa isang kamag-anak si Abi?”

Iyon ang ipinakalat na balita ni Elvira Henares matapos maglahong parang bula ang pamangkin nito. Ang asawa nitong si Ramon Henares ang promotor ng black propaganda laban sa papa niya. Nang panahong iyon, ang ama niya at si Ramon ang maglalaban sa pagka-bise alkalde.

Kung gayon, nanganganib ang buhay ni Abi. Sa abot ng makakaya ni Matt ay dapat niya itong protektahan.

“Nababagalan lang kasi ako sa resulta. Kapag nakuha na natin ang kailangan natin kay Abi, may plano ako sa kanya at tinitiyak kong hindi niya magugustuhan.”

Kinabahan si Matt sa banta ng kapatid. Matindi ang nararamdaman nitong poot sa dating kaibigan kaya hindi malayong magawan nito nang masama ang dalaga kapag nagkaharap ang dalawa.

Ang plano niya sa dating nobya ay ang hanapin ito at ipalinis ang pangalang dinungisan nito. Hanggang doon lang. Kung anumang paghihiganti ang binalak niya noon ay agad naglaho pagkakita pa lang niya rito

kanina.

“Kalimutan mo na ang paghihiganti, Melvin. Walang buting maidudulot iyan.”

“Wow,” sarkastikong sabi ng kapatid. “Amen. Huwag mong sabihing hanggang ngayon mahal mo pa rin ang babaeng iyon, Kuya? Pagtatawanan ka namin at itatakwil, iyan ang masasabi ko sa iyo.”

“Shut up. Kung gusto mong patuloy pa akong tumulong sa inyo ni Uncle, huwag mo akong inisin.”

“All right. You’re the boss.”

Muli siyang napatitig kay Abi. Siguro, kung hihingi ito ng tawad sa kanya ay magagawa niyang patawarin basta sumunod lang ito sa gusto nilang mangyari.

Pero ano ang gagawin niya kung tatanggi itong sumama sa Aurora at bawiin ang akusasyon nito sa kanyang papa?



Nang magising si Abi ay kaygaan ng kanyang pakiramdam. May epekto pa rin sa sistema niya ang sedative. Kahit anong mulat ang gawin niya kanina ay kusang pumipikit ang talukap ng mga mata niya kaya naman ipinaubaya na lang niya ang sarili sa tulog. After all, parang ayaw naman niyang magising—paano ay kasama niya sa panaginip ang dating nobyo.

Naramdaman niyang bumukas at sumara ang

pinto at may naupo sa gilid ng kama niya pero hindi nagsalita. Natitiyak niyang si El iyon nang humalik ito sa kanyang noo. Naamoy rin niya ang taho at French fries na bilin niya rito kagabi.

“El, inaantok pa ako,” sabi niyang nakapikit.

“Ako din. Kaya pareho tayong matulog. Iidlip lang ako diyan sa sofa.”

“Sige.” Wala siyang natatandaang sofa sa ward nila.

Sa panaginip ay nakita ni Abi ang sarili noong mapunta siya sa pangangalaga ng mga Henares.

Kahit paano ay naramdaman naman niyang mahal siya ni Tita Elvira, hindi nga lang ito showy. Dati itong simpleng social worker sa bayan nila bago nasilaw sa glamorosong mundo ng pulitika. Mas makakapagsilbi daw ito sa mga kababayan kung maluluklok sa posisyon ang asawang si Ramon.

“Ipapaalaga ko na lang si Abigail sa lola niya sa ina, Ramon,” sabi ni Elvira sa asawa pagkatapos ng libing ng kaisa-isa nitong kapatid. “Magbibigay na lang ako ng sustento buwan-buwan.”

Hindi sa ayaw nito sa limang taong gulang na pamangkin. Tatlo na kasi ang anak ng ginang at buntis pa sa ikaapat. Siguradong mahihirapan itong alagaan ang limang bata.

“Maawa ka sa matanda, Elvira. Pahihirapan mo pa

hindi na rin naman magtatagal ang buhay n'on. Ipisan mo na lang sa atin ang pamangkin mo. Magandang imahe pa sa pamilya natin na kumupkop tayo ng ulilang lubos. Puntos iyon sa mga botante.”

“At sino’ng mahahirapan sa pag-aalaga sa mga bata?”

“Huwag kang mag-alala, kukuha tayo ng mga yaya.” Hinimas ni Ramon ang baba at tila nangangarap na tinanaw sa malayo ang ningning ng ambisyon.

“Mga. Saan ka kukuha ng pampasuweldo, aber?”

“Ako’ng bahala. Samantalahin mo na nga palang maging mabango ang pangalan mo sa mga tao habang abang lingkod ka pa nila. Soon, Elvira, sila na ang maglilingkod sa iyo. Aren’t you thrilled na maging first lady ng bayang ito? Just help and bear with me, mangyayari iyon.”

Sa official family portrait ng pamilya Henares na ginagamit kapag eleksiyon ay kasama si Abi. Ang akala tuloy ng mga tao ay suwerte siya. Hindi nila alam na ginagamit lang siya ni Ramon para sa popularidad. Kapag sila-sila lang sa bahay ay ni hindi siya pinapansin ng mga ito. Hindi siya gustong kalaro ng mga pinsan na feeling royal mula nang maging bise alkalde ang ama.

Dumadayo pa siya sa bahay ng mga Romualdez

para makipaglaro lang kay Melvin. Ang totoo ay mas madalas siyang maglagi sa bahay ng kaibigan dahil mas ramdam niya doon ang pagtanggap at pagmamahal. Binibiro nga siya ng mag-asawa na kung gusto niya ay aampunin na lang siya para doon na siya tumira—she fondly called them Tito Luis and Tita Elinor.

